

Kalinga ni **BRO**
tuloy ang pag-asenso,
Tamang Benepisyo
handog sa mga
Magsasakang Miyembro.



Republic of the Philippines
PROVINCE OF ISABELA
City of Ilagan

BRO INSURANCE



Iba pang mga benepisyo para sa mga magsasaka:

- BRO for Education (BRO-Ed) - Ayuda sa Presyo (BRO-ASAP)
- Pantawid Pamasaha Program (BRO-PPP)
- Paneguro sa Pananim (BRO-PSP)
- Accident Insurance (BRO-PNB M)
- SSS Coverage (BRO-SSS M)
- Healthcare (BRO-Healthcare)
- Philhealth (BRO-PH M)
- Animal Dispersal (BRO Paiwi)
- Livelihood Program (BRO Livelihood)



PARA SA KATANUNGAN,
TUMAWAG O MAG-TEXT SA
C.P.# 0917 – 809 – 3178



Ano ang BRO Insurance?

Ito ay isang programang paseguro o insurance kung saan ine-enroll ng Pamahalaang Panlalawigan ng Isabela ang mga maliliit na magsasaka o small farmers. Sa halagang limampung piso (P50.00), ang napabilang na magsasaka ay makakakuha ng hanggang limampung libong piso (P50,000.00) para sa aksidenteng pagkamatay (Death) o permanenteng kawalan ng pisikal na kakayahan. (Permanent Disablement).

Ano ang aksidenteng sakop ng BRO Insurance?

Pisikal na pagkapinsala na siyang tanging dahilan sa pagkamatay o permanenteng kawalan ng pisikal na kakayahan.

Sino ang makikinabang sa programang ito?

Ang magsasaka mismo at ang kanyang pamilya o itinalang benepisaryo ayon sa pagkasaad sa nilagdaang application form.

Kailan magsisimula ang benepisyong ito?

Sa loob ng isang taon, magmula sa petsa na nakasaad sa "Application Form" at pagbayad ng premium o kontribusyon. Makukuha naman ang benepisyong ito sa loob ng labing dalawang (12) buwan mula sa pagkaka-aksidente at pagsusumite ng mga kaukulang dokumento.

Sino ang magbabayad ng Premium o Kontribusyon?

Ang limampung piso (P50.00) na bayarin o "Premium" ay sasagutin ng Provincial Government of Isabela sa ilalim ng BRO-PNB M.

Mga Uri ng Aksidenteng Binabayaran

A. Aksidenteng resulta ng pagkamatay

Ang marahas na aksidente ay siyang tanging dahilan sa pagkamatay ng nagpaseguro. Halimbawa: Nabung - gong bus o anumang sasakyan na sanhi ng pagkamatay, nakagat ng ahas, sinuwag ng kalabaw o baka.

B. Aksidenteng dulot ng pagkawala ng pisikal na kakayahan

Ang pisikal na pagkapinsala ay ang tanging dahilan sa pisikal na pagkawala ng kakayahan ng nagpaseguro (Permanent Disablement). Ang halagang makukuha ng benepisyong ito ay naaayon sa "TABLE of DISABLEMENT" ng Insurance. Halimbawa: Pagkabili ng leeg na sanhi ng pagkaparalisa habang lulan ang alagang kalabaw o baka, pagkaputol ng kamay o paa habang ina-araro ang lupaing sinasaka.

Paano ang pagkuha ng benepisyong ito?

Ang sinumang kukuha ng benepisyong ito ay kailangang gumawa at magsumite ng Accident Claim Report at Attending Physician's report sa loobng 180 araw o anim (6) na buwan, para sa aksidenteng magresulta ng pisikal na pagkapinsala.

Para sa benepisyong resulta ng pagkamatay, ang maybahay o pinakamalapit na kaanak ng biktima ay kailangang mag sadya sa tanggapan ng BRO Office at isumite ang Accident Report at Death Certificate.

Alamin sa kausap na taga BRO kung anong petsa o araw makukuha ang benepisyong pera.

Mga halimbawa ng aksidenteng mabibigyan ng benepisyong ito.

Ganap at permanenteng pagkabalda o nawalan ng kakayahang gampanan ang kahit anong uri ng trabaho	100%
Ganap at permanenteng pagkawala ng paningin sa parehong mata	100%
Ganap na pagkabalda sa pamamagitan ng pagkaputol o pagkawala ng:	
Dalawang braso	100%
Parehong kamay	100%
Isang kamay at isang paa	100%
Pang-itaas na braso	70%
Pang-ibabang braso	50%
Isang kamay	50%
Hita	50%
binti	50%
Paningin sa isang mata maliban na lang kung nakakikita pa ng liwanag	50%
Lens ng isang mata	50%
Lahat ng daliri sa isang kamay	50%
Apat na daliri sa isang kamay	40%
Hinlalaki (parehong buto)	25%
(isang buto)	10%
Hintuturo (tatlong buto)	15%
(dalawang buto)	10%
(isang buto)	8%
Hinlalato (tatlong buto)	10%

Ang mga hindi sakop ng panuntunan?

Kung ang aksidente ay dahil sa mga sumusunod: digmaan, pagkitil sa sariling buhay, pagkalason, pagpatay, sakit na AIDS o anumang likha ng viral infection, pagkabiliw, paglalasing at iba pa na nakasaad sa Artikulo Kuwatro (IV) ng PNB-Gen. Insurance.